# SANITASYON






**Huwag ibaon o sunugin ang dumi.**

## Dalawang Balde bilang Inodorong Pang-emergency

### Kailangan:

- 2 limang-galong balde
- 2 takip para sa mga balde
- Tisyu
- Hand sanitizer
- Balde para sa pagdumi:
    - Mga plastic bag
    - Upuan ng inodoro o sapin para sa gilid nito

### Mga tagubilin:

- Lagyan ng marka na "ihi" ang isang balde at "dumi" sa isa pang balde.
- Gamitin nang magkahiwalay ang mga balde kung posible (subukang huwag paghaluin ang ihi at dumi.)
- Lagyan ng plastic bag ang loob ng balde para sa pagdumi nang 2 beses
- Magdagdag ng kaunting filler na materyal sa ilalim ng balde para sa pagdumi.
- Pagkatapos gamitin ang balde para sa pagdumi, budburan ng maraming filler hangga't kailangan para lubusang matakpan ang ibabaw ng dumi. Nakakabawas ito sa mga amoy at nakakaiwas sa pagdapo ng mga langaw.
- Huwag paapawin ang mga plastic bag.
- Ilagay ang lahat ng nagamit na tisyu sa balde sa pagdumi.
- Puwedeng itapon ang ihi sa damuhan o mga halamanan.
- Tingnan ang seksyon ng Pagtatapon ng Dumi para sa pag-aalis ng dumi.

## PAGTATAPON NG DUMI




- Siguruhing nakasara nang mahigpit ang mga plastic bag gamit ang gooseneck na panali.
- Ilagay ang mga nakataling bag sa mga lugar na malayo sa mga tao at hindi mapupuntahan ng mga daga.
- I-disinfect nang mabuti ang mga kamay at mga lugar na aksidenteng nalagyan ng dumi.

## Pagdi-disinfect at Paglilinis



- Linisin ang mga kontaminadong lugar gamit ang bleach solution.
- Laging maglinis ng kamay pagkatapos humawak ng dumi.